Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
**MUNICIPALITY OF BULALACAO**

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG MARSO 3, 2018 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Pansamantalang Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Tulay M. Caring | IP's Mandatory Representative |

**HINDI NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Pangalawang Punong Bayan (O.B.) |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | Sangguniang Bayan Member (O.B.) |
| Kgg. Teresita S. Bantugan | Sangguniang Bayan Member (On-leave) |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay (O.B.) |

x-------------------------------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 18-03-046

**PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIPAGDALAMHATI NG PAMAHALAANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO SA MGA NAULILA NG YUMAONG ASTRONICA PANDIÑO FERRERA**

**"SAPAGKAT,** si Gng. Astronica Pandiño Ferrera ng Barangay Poblacion, Bulalacao, Oriental Mindoro ay sumakabilang-buhay sanhi ng malubhang sakit sa edad na animnaput anim (66) na taong gulang;

**"SAPAGKAT,** si Gng. Ferrera ay nagsilbi sa Pamahalaang Bayan ng Bulalacao sa ilalim ng Municipal Civil Registry Office bilang Registration Officer simula noong Pebrero 16, 1990 hanggang Pebrero 28, 2005 na kung saan nagdesisyon siyang magretiro ng maaga dahil sa iniindang sakit;

**"SAPAGKAT,** si Ate Tronic na siyang karaniwang itinatawag sa kanya ay madali maaalala dahil sa kanyang malalakas at malulutong na mga halakhak lalo na noong kanyang kabataan na kung saan makikita sa kanya ang kasiglahan, masayahin at tila palaban na babae subalit sa kabila nito, siya ay palakaibigan at magaling makisama;

**"SAPAGKAT,** ang kanyang pagiging ina sa kanyang dalawang anak ay hindi matatawaran sapagkat, mag-isa niya itong ginampanan at sa kabila ng kanyang kaabalahan sa trabaho ay matagumpay niya silang naitaguyod tungo sa isang masaya at magandang buhay;

Scanned with CamScanner

"**SAPAGKAT,** ang pagpanaw ni Ate Tronic ay nagdulot ng lungkot at pighati sa kanyang mga anak, apo, pamilya, kamag-anak at mga kaibigan subalit, masaya na ring isipin na siya ay kupkop na ng Mapagpalang Kamay ng Diyos na siyang Maylikha ng lahat; **KUNG KAYAT DAHIL DITO . . .**

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Magpahayag ng taus-pusong pakikiramay at pakikipagdalamhati ng Pamahalaang Bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro sa mga naulila ng yumaong Astronica P. Ferrera;

**SA MUNGKAHI** ni SB Member Dexter R. Gonzales, at pinangalawahan nina SB Member Edwin C. Aceron at SB Member German S. Acosta, ang kapasyahang ito ay...

**PINAGTIBAY**": Marso 3, 2018, Bulalacao, Oriental Mindoro.

x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -x

**KGG. DEXTER R. GONZALES**
SB Member

**KGG. DENNES M. FANER**
SB Member

**KGG. GERMAN S. ACOSTA**
SB Member

**KGG. EDEZER F. ACERON**
SB Member

**KGG. EDWIN C. ACERON**
SB Member

**KGG. TULAY M. CARING**
IP's Mandatory Representative

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
Pansamantalang Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 03-3-2018

30302/PLP/jpc/bms

Scanned with CamScanner